Palliative Care SOUTH AUSTRALIA

# Magkano ang gastos ng palliative care?

Mahalagang malaman sa lalong madaling panahon kung sino at magbabayad para sa alin at saan makahanap ng tulong para sa mga gastos ng palliative care. Maraming mga gastos ay karaniwang sagot ng Medicare. Maaari ring piliin ang opsyon ang pribadong seguro sa kalusugan (private health insurance). Gayunpaman, maaaring hindi ito palaging mangyayari. Maaari kang magtanong sa iyong doktor at pangkat ng mga nangangalaga sa kalusugan (health care team).

## Kung minsan ay may iba pang mga gastos at mga kondisyon, depende sa lugar na ibinibigay ang pangangalaga:

- Maaaring may mga gastos na kalakip sa mga serbisyong ibinibigay sa iyong tahanan o sa komunidad.
- Maaaring limitado ang tagal ng pamamalagi sa ospital o hospice. Maaaring depende ito sa patakaran ng seguro sa kalusugan at sa ospital. Kung hindi ka sigurado kung ano ang sagot ng insurance, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan.
- Ang iyong karamdaman ay maaaring makaapekto sa iyong kakayahang magpatuloy sa pagtatrabaho. Maaaring mangangahulugan ito ng mga pagbabago sa kinikita ng pamilya. Maaaring magbago ang iyong papel sa pananalapi ng pamilya.
- Maaaring kabilang sa iyong pribadong seguro sa kalusugan ang para sa suporta sa pangangalaga sa tahanan (home nursing support). Maaaring bahagi ito ng iyong pambayad sa ospital (hospital cover). Nangangahulugan ito na maaari kang gamutin ng isang serbisyo ng pag-aalaga bilang isang pribadong pasyente.
- Ang ilang mga serbisyo sa kalusugan ay maaaring magbigay ng mga kasangkapan. Maaari rin silang magbigay ng suporta ng pangangalaga sa bahay, at maaaring may bayad para sa paghahatid o para sa upa. Kung walang magagamit na kagamitan, maaari silang magrekomenda ng mga pribadong ahensya na nagpapaupa na may mga makatwirang singil. Ang ilang mga seguro sa kalusugan ay maaari ring sasagot sa ilan sa mga gastos na ito.
- Kung kailangan mo ng isang ambulansya, maaari itong magastos. Huwag matakot na magtanong sa gastos ng mga serbisyong ito. Mas mabuti na alamin nang maaga kaysa sa makatanggap ng isang hindi inaasahang bayarin. May makukuhang ambulance cover (bayad sa ambulansya) sa ilang mga estado at maaari itong piliin.

## Ilang mga ibang halimbawa ng mga bagay na maaaring may karagdadagang gastos ay:

- pag-upa ng mga espesyalistang kagamitan upang magamit sa bahay
- pagbabayad para sa mga gamot
- pagbabayad para sa karagdagang kawani ng pangangalaga kung pinili mong manatili sa bahay
- pagbabayad ng excess (paunang bayad) kung magpunta ka sa isang pribadong ospital
- paggamit sa mga serbisyong respite (pahingahan) na sumisingil ng bayad
- pagbabayad sa isang pribadong propesyonal sa kalusugan, tulad ng isang psychologist, na hindi buong sagot ng Medicare
- pagbabayad sa mga complementary therapy (o mga pagpapagamot na hindi bahagi ng nakasanayang pagpapagamot), tulad ng massage therapy at acupuncture

Ang ilan sa mga ito ay maaaring bahagya o ganap na sagot ng isang pribadong seguro sa kalusugan kung ikaw ay isang miyembro. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang www.caresearch.com.au

**Pagpapasalamat:** Ang mapagkukunang ito ay binuo ng Palliative Care South Australia (PCSA) at Multicultural Communities Council of SA (MCCSA) bilang bahagi ng The Palliative Care Research Collaborative Project, pinangunahan ng Adelaide Uni at sinuportahan ng pagpopondo mula sa The Hospital Research Foundation Group – Palliative Care. Ang impormasyon sa mapagkukunang ito ay hango sa CareSearch, Advance Care Planning Australia at Palliative Care Victoria.

Creation Date: August 2023

# What does palliative care cost?

It is important to find out as soon as possible who pays for what and where to find help with palliative care costs. Many costs are normally covered by Medicare. Private health insurance may also be an option. However, this may not always be the case. You can ask your doctor and health care team.

### Sometimes there will be other costs and considerations depending on where care is provided: :

- There may be costs attached to services being provided in your home or in the community.
- There may be limits to length of stay in hospital or hospice. This may depend on the health insurance policy and the hospital. If you are not sure about what is covered, talk to your health care provider.
- Your illness may affect your ability to continue working. This may mean changes to household income. Your role in the family finances may change.
- Your private health fund may include cover for home nursing support. This may be part of your hospital cover. This means that you can be treated by a nursing service as a private patient.
- Some care services can provide equipment. They may also provide care support in the home, and delivery or hire fees may apply. If equipment is not available, they can recommend private hire agencies at reasonable rates. Some health funds may also cover some of this cost.
- If you need an ambulance, it can cost. Don't be afraid to ask about the cost of these services. It is better to know in advance than receive an unexpected bill. Ambulance cover is available in some states and may be an option.

### Some other examples of things that might cost extra are:

- hiring specialised equipment for use at home
- paying for medicines
- paying for additional nursing/care staff if you choose to stay at home
- paying an excess if you go to a private hospital
- accessing respite services that charge a fee
- paying the fee of a private health professional, such as a psychologist, that isn't fully covered by Medicare
- paying for complementary therapies, such as massage therapy and acupuncture

Some of these may be partly or fully covered by a private health fund if you are a member. For more detailed information, please visit www.caresearch.com

**Disclaimer:** this resource has been developed by Palliative Care South Australia (PCSA) and Multicultural Communities Council of SA (MCCSA) as part of The Palliative Care Research Collaborative Project, led by Adelaide Uni and supported by funding from The Hospital Research Foundation Group – Palliative Care.

Information in this resource has been adapted from CareSearch, Advance Care Planning Australia and Palliative Care Victoria.

Creation Date: August 2023